

Ang bayan na lumalakad sa kadiliman ay nakakita ng dakilang liwanag: silang nagsisitahan sa lupain ng lilim ng kamatayan, sa kanila sumilang ang liwanag. Ang pingga sa kaniyang balikat. Ang kaniyang pangalan ay tatawaging, “Kamanghamangha, Tagapayo, Makapangyarihang Dios, Walang hanggang Ama, Pangulo ng Kapayapaan” .

(Isaias 9.1-6)

Maligayang Pasko.

Ngayong taon, sasalubungin natin ang Pasko sa gitna ng pandemyang New Covid-19. Taon-taon, marami ang nagtitipon sa simbahan at ang lahat ay nagagalak sa pagsilang ng ating Panginoon. Ngayong taon, para maiwasan ang pagkalat ng impeksiyon ay nililimitahan ang pwedeng dumalo sa Misa, at ang pagdiriwang o pagkakaroon ng party ay ipinagbabawal. Marami ang nalulungkot sa ganitong sitwasyon. Ganun din, sa bahay at ospital, sa facility kung saan hindi pinapahintulutang makita ang mga kaanak at mga kaibigan, hindi din makapunta sa simbahan, malungkot na alaala sa pagsalubong sa Pasko.

Subalit, subukan nating alalahanin ang unang pagdiriwang ng Pasko. Ang mga dumalaw sa madilim at malamig na sabsaban ay mga pastol at mga pantas lamang na galing sa malayong bansa. Walang palamuting pangPasko, walang cake at walang masasarap na handa. Sa loob ng kadukhaan na iyon, ang ngiti ng isinilang na sanggol ay nagbigay ng lakas ng loob at nagpanibago kay Maria at Jose sa kanilang kaisipang mabuhay sa kalooban ng Diyos.

Sa panimulang salita, ipinahayag sa propesiya ni Isaias ang pagsilang sa isang lalaking sanggol na karapat-dapat na maging hari ng Israel. Ang simbahan ay nakikita ito bilang imahe ni Hesus. Ang pagsilang ni Hesus, ay isang kaganapan kung saan ang isang dakilang liwanag ay nagningning sa kadiliman.

Sa kadiliman kung saan di mo makita ang hinaharap, ang ilaw ni Hesus ay nagbibigay ng liwanag sa atin. Para sa atin isinilang ang sanggol (Emanuel), ang Diyos ay kapiling natin. Alalahanin natin ang unang Pasko, pagpanibaguhin natin ang pakiramdam sa ating paglalakad kasama ang Panginoong Hesus na siyang ilaw.

Nara Block Pastors Team

Yanagimoto Akira

Jose Norella

Hon Yun Hak

Hattori Setsuko

Pauline Fernandes

Leena Faras